



Huwag kayong mag-inggitan. Huwag kayong magpataasan sa tawad. Huwag kayong magmuhian. Huwag kayong magtalikuran. Huwag sulutin ng ilan sa inyo ang pagtitinda ng iba pa. Maging mga lingkod kayo ni Allāh bilang magkakapatid.

Ayon kay Abū Hurayrah, malugod si Allāh sa kanya: "Huwag kayong mag-inggitan. Huwag kayong magpataasan sa tawad. Huwag kayong magmuhian. Huwag kayong magtalikuran. Huwag sulutin ng ilan sa inyo ang pagtitinda ng iba pa. Maging mga lingkod kayo ni Allāh bilang magkakapatid. Ang Muslim ay kapatid ng Muslim. Hindi niya inaapi ito. Hindi niya ito iniwan. Hindi niya ito hinahamak. Ang pangingilag sa pagkakasala ay narito. (Itinuturo niya ang dibdib niya nang tatlong ulit.) Sapat na sa isang tao bilang kasamaan na hamakin niya ang kapatid niyang Muslim. Lahat ng nasa Muslim sa kapuwa Muslim ay hindi nilalabag: ang dugo niya, ang yaman niya, at ang dangal niya."

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Sa ḥadīth na ito ay nagpapatnubay sa atin ang Marangal na Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, tungo sa kinakailangan sa atin na pakikitungo sa mga Muslim, na tayo ay maging nagmamahalan, nagbubukluran, nagtatratuhan sa isa't isa sa atin ng pakikitungong maganda ayon sa batas ng Islām, na nagpapatnubay sa atin sa mararangal sa mga kaasalan, naglalayo sa atin sa masasama sa mga ito, nag-aalis sa mga puso natin ng pagkamuhi, at gumagawa sa pakikitungo ng isa't isa sa atin ayon sa pakikitungong mataas, malayo sa inggit, pang-aapi, pandaraya, at iba pa roon na kabilang sa nagbubunsod ng kapinsalaan at pagkakahati-hati dahil ang pamiminsala ng Muslim sa kapatid niya ay ipinagbabawal maging sa yaman man o pakikitungo man o sa pamamagitan ng kamay man o ng dila man. Ang kabuuan ng Muslim sa kapwa Muslim ay bawal labagin: ang buhay niya, ang ari-arian niya, at ang dangal niya. Ang dignidad at ang karangalan ay nasa pangingilag sa pagkakasala lamang.

النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY

